ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Espesyal na Isyu
Setyembre 20, 2010
www.philippinerevolution.net

US Counter-Insurgency Guide 2009


# Gabay sa imperyalistang interbensyon at agresyon at kontra-rebolusyonaryong digma

**Komiteng Tagapagpaganap-Komite Sentral**
**Partido Komunista ng Pilipinas**

Ang US COIN Guide ay inilabas ng gubyernong US noong Enero 2009. Inilalahad nito ang umiiral na upisyal na doktrina ng imperyalismong US sa paglaban sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa mga bayang kolonyal at malakolonyal.

Produkto ito diumano ng paglalagom ng kanilang nakaraang 40 taong karanasan sa pagpapatupad ng *"counter-insurgency"* sa iba't ibang panig ng mundo at pinagtulung-tulungang buuin ng siyam na ahensya at/o upisina ng gubyernong US sa pangunguna ng Bureau of Political-Military Affairs, Department of State.

Ang mga ahensyang sangkot sa pagbubuo ng US COIN Guide 2009 ay kinabibilangan ng Department of State, Department of Defense, Department of Justice, Department of The Treasury, Department of Homeland Security, Department of Agriculture, Department of Transportation, Office of the Director of National Intelligence at US Agency for International Development.




Sa dokumento, nagsasalita ang gubyernong US bilang nagsosolong *superpower* at nagtalaga-sa-sarili na pulis ng buong daigdig. Tahasang inilalatag dito ang iba't ibang tipo at grado ng panghihimasok at interbensyon, may permiso man o wala ng target na 'tinutulungan' o kliyenteng gubyerno sa ngalan ng pagkontra sa "*insurgency.*"

Sa pagtaya ng imperyalismong US, ang mga armadong rebolusyon ang malaki at lalo pang lumalaking banta sa pandaigdigang kapangyarihan ng US sa ika-21 siglo. Sa pagbulusok ng pandaigdigang sistemang kapitalista sa Mahabang Depresyon mula 2008, inaantabayanan ng US ang pagsambulat ng malawakang diskuntento ng mamamayan at mga armadong rebolusyon at pag-aalsa. Sa kagyat na hinaharap, ipinapalagay din ng mga tagaplano ng US na mas malayo ang posibilidad na masabak sila sa todong kumbensyunal na gera laban sa ibang gubyerno.

Ang Guide ay sumasaklaw sa lahat ng panig ng COIN at interbensyon ng mga ahensyang militar at di militar ng US bagamat ang partikular na binibigyang-diin nito ay ang mga sangkap na di militar at gawain ng mga ahensyang sibilyan. Nililinaw na ito ay kumplemento sa umiiral na mga manwal at gabay sa COIN ng militar ng US.

Bilang gabay sa dayuhang interbensyon, kapansin-pansin ang pag-iwas nitong makulayan ng jingoismo, arogansya at unilateralismo ng "global war on terror" ni Bush. Bilang gabay sa COIN, kapansin-pansin ang pag-iwas nito sa mga termino at presentasyon sa panahon ng gera ng US sa Vietnam. Layunin nitong bigyan ng bagong bihis ang imperyalistang interbensyon, at sa gayon, gawin

iyong mas malawakan at mas episyente, aktibong magpakilos sa mga sibilyang ahensya at tauhan, at makahatak sa mas maraming ahente/aktor na internasyunal at lokal.

May partikular na interes ang sambayanang Pilipino sa US COIN Guide dahil mula nang ideklara ni Bush ang Pilipinas bilang ikalawang larangan sa gerang "kontra-terorismo," tuluy-tuloy at papalawak ang tuwirang panghihimasok ng US at permanenteng pag-iistasyon at pagsasagawa ng mga operasyong sibil at militar at pagsasagawa ng *foreign internal defense* ng mga tropang Amerikano sa bansa. Bagamat isinasangkalan ang paglaban sa terorismo ng bandidong Abu Sayyaf, ang higit at papalaking target ng interbensyon ng US ay ang MILF at NDFP. Todong ipinatutupad sa mga ito ang COIN Guide.

Kailangang pag-aralan ang COIN Guide upang mas matalas na masubaybayan at maintindihan ang mga operasyon at pakana hindi lamang ng mga tropang US kundi maging ang agresibong *networking* ni US Ambassador Harry Thomas Jr., ang sunud-sunod na pagbisita ng matataas na upisyal ng US, ang prominenteng papel ng USAID, ang mas pinalaking ayudang militar at ekonomiko, ang pagpapaypay ng mga eksperto sa saywar ng US sa "alaala ni Cory" nang mamatay ito at pagsuhay sa kandidatura ni Benigno "Noynoy" Aquino III, at pagtatambol ng mga repormistang ilusyon pagkatapos ng eleksyon.

Matyagan din ang malamang na malaking impluwensya ng COIN Guide sa plano sa COIN na balak ipalit ng rehimeng Aquino sa OBL.

ANG Bayan

Espesyal na Isyu Setyembre 20, 2010

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:
*www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa:
*angbayan@yahoo.com*

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Ang paggamit ng terminong "*insurgency*" at "*counter-insurgency*" ay sadyang pag-iwas ng mga imperyalista at mga papet nila sa mga istoriko-pulitikal, nasyunal at makauri-sosyal na batayan at balangkas ng labanan ng rebolusyon at reaksyon. Kasangkapan din ang gayong termino sa pagsisikap na ilarawang kriminal at ihiwalay ang armadong rebolusyon. Bahagi ito ng estilo, konsepto at presentasyong burukratiko, teknokratiko at mariin-sa-teknik na kung tutuusin ay paglabusaw sa usapin ng imperyalistang interbensyon at kontrol at panunupil sa makatarungan at rebolusyonaryong pakikibaka ng mga aping bansa at mamamayan.

## Engrandeng operasyong saywar kasabay ng marahas na armadong pagsupil

INILATAG sa dokumento ang pormula ng doktrinang kontra-insurhensya—engrandeng operasyong saywar kasabay ng marahas na armadong pagsupil na may direktang kalibradong papel ang imperyalismong US depende sa pagtaya nito sa kinakailangang grado ng panghihimasok. Binihisan at inilalako nila ang doktrinang kontra-insurhensya sa ngalan ng kontra-terorismo, pagtatanggol sa demokrasya, pagreporma at pagpapatatag sa mahihinang gubyerno, paglutas sa kahirapan ng mamamayan at matagalang kaunlarang pang-ekonomya at pagkabig sa suporta ng mamamayan.

Ang pormula ng engrandeng operasyong saywar at marahas na armadong panunupil ay dapat diumanong magkasabay na gawin at buuin sa iisang kontra-insurhensyang estratehiya sa bawat bansang apektado. Ang kontra-insurhensyang estratehiya ay may limang sangkap—ang apat na tungkulin ("pulitika," "ekonomya," "seguridad," at "impormasyon") na pawang umiimbudo sa "kontrol" bilang ikalimang sangkap.

Sa apat na tungkulin, sinasabi ng US COIN Guide na ang "pulitika" ang susi kung saan nasa sentro ang pagtatayo ng kaayusang pampulitikang umiiral nang kapani-paniwala ang pormal na mga demokratikong proseso at katanggap-tanggap sa mamamayan. Susi ito sa estratehiyang "kontra-insurhensya" sa pakahulugang magkakaroon ito ng mapagpasyang papel upang diumano'y makabig pabalik sa gubyerno ang suporta ng mamamayan mula sa insurhensya at magiging pangunahing balangkas para maipatupad ang iba pang sangkap ng "estratehiyang kontra-insurhensya."

Kung malilikha ang ilusyon ng isang gubyernong nagpapatupad ng reporma, tumutugon sa interes ng mamamayan at nagsusulong ng adyenda sa pang-ekonomyang pag-unlad, magagawa diumano nilang "alisin ang dahilan ng pag-iral ng insurhensya," kabigin ang suporta ng mamamayan, ihiwalay ang armadong pwersa at marahas na supilin ito.

Ang mga sangkap ng engrandeng operasyong saywar, na tinaguriang *"population-centric approach"* ("paraang nakatuon-sa-mamamayan") sa dokumento, ay sumasaklaw sa su-

musunod:

1. pagtatayo ng kapani-paniwalang gubyerno

2. paglikha ng animo'y mga tunay na indikasyon ng pag-unlad sa ekonomya

3. pagmobilisa sa reaksyunaryong armadong pwersa sa mga di tradisyunal na gawaing militar tulad ng pagsangkot sa mga sosyo-ekonomikong proyekto at pagtulong sa mga kalamidad para likhain ang imahen nitong nagseserbisyo sa publiko

4. pagpapatupad diumano ng mga reporma sa sektor panseguridad na sasaklaw sa pulisya, armadong pwersa at hudikatura para palakasin ang reaksyunaryong estado

5. aktibong pangangalap at pagtitipon ng impormasyon mula sa populasyon para maihulma ang kanilang propagandang pansaywar sa masmidya at manipulahin ang upinyong publiko pabor sa reaksyunaryong paghahari at laban sa armadong pag-aalsa

Ang marahas na armadong pagsupil sa armadong paglaban ng mamamayan na tinagurian naman nilang *"enemy-centric approach"* (paraang nakatuon-sa-kaaway) ay sumasaklaw sa mga dati nang establisadong parametrong militar—dami ng mga "insurhentong" napapatay, dami ng armas na narerekober, laki ng nababawas sa eryang saklaw, pagnyutralisa sa pamunuan, pagwasak sa mga tukoy na sentro-de-grabidad ng kalaban; paggamit ng iba't ibang estratehiya laban sa rebolusyonaryong armadong pwersa: "malambot" at "matigas," tuwiran at di tuwiran, marahas at di marahas, dekapitasyon (pagpugot) at paghihiwalay.

Kaya naman patuloy na aayudahan ng US ang armadong pwersa ng apektadong gubyerno sa anyo ng tulong pinansyal, kagamitan at rekurso, pagsasanay at kung kinakailangan ng direktang pwersang nag-oopereyt sa loob ng apektadong bansa bilang bahagi ng *civil-military assistance* o direktang pagtulong sa internal na depensa o di kaya ay tuwirang interbensyong militar ng mga tropa ng US.

## Ang pinapaburang kaayusang pampulitika sa estratehiyang kontra-insurhensya

PINAPABURAN sa estratehiyang kontra-insurehensya ng US ang kaayusang pampulitika na may itsura at posturang nagpapatupad ng reporma para maigiit ang pagiging lehitimo ng sistema at gubyernong naghahari.

Sa paghalaw ng imperyalismong US sa iba't ibang paraan nito ng pakikitungo sa iba't ibang paglaban ng mamamayan, ipinagpapalagay nitong pinakamainam para sa kanila kung ang maitatayong kaayusan ay iyong nagbibigay lagi ng puwang para pahupain ang diskuntento at paglaban ng mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan. Tinatawag din nila itong *"release valves"* o padaluyan ng mainit na singaw kapag tumitindi na ang diskuntento at pursigido sa paglaban ang mamamayan. Kabilang sa mga kabisadong-kabisadong gamitin ng imperyalismong US at mga kasabwat na lokal na reaksyunaryo ang sumusunod:

■ Mga pormal na demokratikong proseso sa anyo ng mga eleksyon, reperendum at sistema ng hudikatura. Mas kapani-paniwala ang mga nabanggit na proseso, mas mainam.

Halimbawa, sa katatapos na eleksyong 2010, mula sa iba't ibang maituturing na mapagkakatiwalaang pinagkukunan ng impormasyon ay natukoy natin ang direktang papel ng US mula sa pagpili kay Noynoy Aquino bilang pinaburang kandidato mula sa kanilang pagpulso sa sentimyento ng mamamayan sa pagkamatay ng dating Pres. Corazon Aquino, pagtulong sa pagbubuo ng "pangkat pansaywar" na lumalaro sa masmidya sa pakikipagpaligsahan sa iba pang kalabang kandidato sa pagkapresidente, pagmanipula ng resulta ng *automated elections* para palabasing nakamit ni Noynoy Aquino ang *landslide victory,* at ang pag-engganyo ng pagtatambol ng mga papuri sa *automated elections* bilang matagumpay at malinis na eleksyon.

■ Pagpili ng papet na katanggap-tanggap sa mamamayan at nakakapagposturang tagapagpatupad ng mga reporma. Ang ganitong tipo ng papet ay magagamit upang patuloy na malikha ang ilusyon ng "pag-asa sa pagbabago" ng mamamayang pinagsasamantalahan at inaapi.

■ Pagpapatupad ng piling tipo ng mga reporma na hindi sumasaling sa mga sustantibong usaping panlipunan, pero nakadisenyo na makapanlinlang sa mamamayan para "maniwala" sa naghaharing rehimen.

Maihahanay dito bilang halimbawa ang mga pahayag at hakbangin ni Presidente Aquino na nakatuon sa maliliit at pang-ibabaw na reporma—walang "wangwang," pagbaligtad sa mga *midnight appointment,* paggalang diumano sa karapatang-tao, pagpapatupad ng mga proyektong pang-ekonomya na pangunahin ay nakatuon sa imprastrukturang pansuporta sa dayuhang pamumuhunan, pagbubuo ng Truth Commission—habang sadyang iniwasan ang usapin ng pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa at tunay na industriyalisasyon, pagtataas ng sahod ng mga manggagawa at pagprotekta at pagtatanggol sa soberanya ng bansa.

Ang katanggap-tanggap sa imperyalismong US na kaayusang pampulitika ay itinuturing nitong susi o mapagpasyang sangkap upang wakasan o sugpuin ang "insurhensya" sa isang bansa. Sa pamamagitan ng kaayusang ito ay layunin nilang makamit ang sumusunod:

1. Maging epektibong daluyan ng iba't ibang tipo ng ayuda ng imperyalismong US para sa naghaharing sistema, kabilang na rito ang mga ayudang pampinansya, mga proyektong pang-ekonomya, ayudang militar, at iba pa
2. Maluwag na maiproseso ang ligal na tuntungan ng pinag-ibayo at mas libreng panghihimasok ng imperyalismong US sa ekonomya, pulitika at militar ng bansa.

Partikular na nasa adyenda ng imperyalismong US sa Pilipinas ang pagbabago ng reaksyunaryong saligang batas para alisin ang mga sagka sa kanilang mas libre pang pagkontrol sa ekonomya, pulitika at militar ng bansa.

3. Kabigin ang tinagurian nilang "malambot" na suporta ng "insurhensya" sa hanay ng mamamayan. (Itinuturing nilang "malambot" na suporta ang mga tantya nila ay sumisimpatya sa "insurhensya" hindi sa batayang ideolohikal at programang pulitikal kundi batay sa mga personal na sirkunstansya lamang.)
4. Buuin ang epektibong pagkakaisa ng iba't ibang yunit at ahensya ng gubyerno
5. Pakilusin ang panggitnang pwersa (laluna ang petiburgesya sa kalunsuran) bilang tagaboses na suporta nila sa hanay ng mamamayan
6. Ihiwalay ang rebolusyonaryong kilusan sa pamamagitan ng "operasyong saywar" sa masmidya at sa hanay ng mamamayan alinsunod sa linya ng "wala nang dahilan para lumaban"
7. Maipatupad ang armadong pagsugpo sa mga rebolusyonaryong pwersa nang walang gaanong "ingay" o pagtutol mula sa hanay ng panggitnang pwersa at mamamayan

## Magkaagapay na pagpapatupad ng tamang ugnayan ng operasyong saywar at marahas na armadong pagsupil

ANG pagtukoy sa isang katanggap-tanggap na kaayusang pampulitika bilang susing sangkap ng "kontra-insurhensya" ay di nangangahulugan na saka na lamang isusunod ang armadong paraan ng pagsugpo sa mga rebolusyonaryong pwersa at magdidiin muna sa mga "reporma" at "malambot" na mga pamamaraan.

Sa iba't ibang bahagi ng dokumentong US COIN Guide, paulit-ulit na inililinaw na ang tamang ugnayan ng iba't ibang sangkap ay hindi ang magkakasunod na pagpapatupad nito kundi ang magkakaagapay na pagpapatupad *(parallel efforts)* at ipinaaalalang ang kaharap nila ay armadong paglaban. Kaya tinukoy na habang itinatayo ang isang katanggap-tanggap na kaayusang pampulitika ay dapat sabay ding ipatupad ang mga reporma sa ekonomya (sa katunayan ay ilang proyektong pang-ekonomya alinsunod pa rin sa patakaran ng globalisasyon), armadong paglaban sa mga rebolusyonaryong pwersa at malawakang paniniktik at pangangalap ng impormasyon sa hanay ng mamamayan para gamitin laban sa mga rebolusyonaryong pwersa at para gamitin ng pampulitikang entidad sa kanilang 'operasyong saywar' laban sa mamamayan.

Sa katunayan, isa sa mga importanteng papel ng katanggap-tanggap na kaayusang pampulitika ay gawing katanggap-tanggap din sa hanay ng mamamayan ang armadong pagsugpo sa mga rebolusyonaryong pwersa.



Sa Pilipinas, ang US COIN Guide ang doktrinang tinanggap na ng AFP at gumagabay na sa pinalawig na OBL. Ibig sabihin ay nananatili ang sumusunod na mga prinsipyong pang-operasyon ng AFP tulad ng: "holistic approach" ("komprehensibon pagharap") na nangangahulugan ng magkasabay na operasyon sa kanayunan at kalunsuran, "operations in depth" ("malalimang operasyon"), pagtukoy at pagbira sa itinuturing nilang mga sentro-de-grabidad ng rebolusyonaryong kilusan, pagpapalaganap ng mga itinuturing nilang matatagumpay na modelo ng "kontra-insurhensya" tulad ng modelong Palparan, modelong Gomez, modelong de Mesa, modelong Bustillo, "Cougar concept of clearing the RA at WA." Pero alinsunod sa US COIN Guide, gagawin itong higit na mapanlinlang at dadagdagan ang sangkap sa operasyong saywar o CMO.

Pinalaki at pinalakas pa ng imperyalismong US ang ayudang militar sa gubyernong Aquino at AFP sa anyo ng mga makabagong armas, *precision-guided missiles,* modernong kagamitan at pagsasanay

sa paniktik at tuluy-tuloy na paglulunsad ng Joint US-RP Balikatan military exercises.

Nasa programa rin ng reaksyunaryo at papet na gubyernong Aquino na palakihin pa ang bilang ng mga tauhan ng AFP at pulisya upang makamit ang resyo na 10:1 ng tropang reaskyunaryo laban sa BHB nang di napapabayaan ang pagharap sa Abu Sayyaf at MILF, at diumano ay para maproteksyunan ang lumalaking populasyon ng bansa.

Maliksing pag-angkop at pleksibilidad sa estratehiya ang itinuturo ng US COIN Guide.




Inirerekomenda ng imperyalismong US ang operasyong saywar bilang sentro de grabidad ng kontra-insurhensyang estratehiya laban sa mga "insurhensyang matatagal na at kumplikado." Subalit kaagad nitong inilinaw na ang inilatag na doktrina ay gabay lamang at inaaasahan nilang hindi *"linear"* ("iisang landas") ang hugis ng mabubuong estratehiya sa aktwal na larangan ng labanan kundi pagkukumbinasyon ng iba't ibang pakikitungo, estratehiya at pamamaraan.

---

## Iba't ibang grado ng panghihimasok ng US

NAGTAKDA ang imperyalismong US ng iba't ibang antas, mula sa pinakamababa hanggang sa pinakamataas sa kanilang panghihimasok at interbensyon para ipatupad ang pinagpasyahan nilang estratehiya ng kontrainsurhensya sa isang bansa. Ang usapin ng direkta at lantarang panghihimasok ay maselang usapin para sa US at hindi basta-basta gagawin kung kakayanin at uubra ang *"low-profile"* (disimulado) at *"low-cost, small footprint"* ("di magastos at maliit ang maiiwang bakas") na panghihinasok. Lagi nilang tinitimbang kung papaano nilang mapatatanggap sa upinyong publiko sa US ang tuwirang armadong interbensyon at kaakibat na malaking gastos nito.

Ang Country Team ng US Mission, sa mahigpit na pakikipagkoordinasyon sa State Department, ang sentral na elemento para pangasiwaan ang pagpapatupad ng mga estratehiya, plano, programa ng US COIN sa mga pinanghihimasukan nitong bansa. Ang Country Team ay pinamumunuan ng Chief of Mission (COM) kakoordina ang Department of State. Ang embahador ng US ang mismong tumatayong COM at kumakatawan sa presidente ng US sa sangkot na bansa at siyang responsable sa pagrerekomenda at pagpapatupad ng patakaran ng US sa naturang bansa, gayundin ang pagsubaybay sa lahat ng empleyado ng gubyerno na nasa sangkot na bansa.



May di karaniwang awtoridad ang embahador ng US sa pagdedesisyon bilang nakatataas na upisyal ng US na nasa pinanghihimasukan nitong bansa sa panahon ng mga krisis at di istableng mga sitwasyon. Kung wala ang embahador, ang Charge d'Affaires ang kumakatawan sa Secretary of State bilang nakatataas na upisyal sa naturang mga bansa.

Ang iba't ibang antas ng panghihimasok ng imperyalismong US mula sa pinakamababa hanggang sa pinakamataas ay kinabibilangan ng Mission Augmentation, Single Expert Advisor, Civil-Military Assistance, Foreign Internal Defense, at Direct COIN Intervention.

**Mission Augmentation.** Ang Mission Augmentation ay pagdaragdag ng isang tim ng mga espesyalista sa mga usaping sibil at militar para tulungan ang Country Team sa kanilang mga gawain. Gagawing tago ang pasok at galaw ng augmentation mission. Pinakaangkop daw ito kapag nasa maagang antas pa lamang ang "insurhensya" sa isang bansa. Ganito rin ang gagamiting paraan kung masyadong sensitibo sa pulitika ang iba pang antas ng panghihimasok ng US sa apektadong bansa.


**Single Expert Advisor.** Ang Single Expert Advisor (SEA) ay isang tagapayo (pwedeng militar o sibilyan) na tuwirang ipapaloob sa istap ng apektadong gubyerno. Mahigpit na makikipagkonsulta sa apektadong gubyerno ang SEA para magbigay ng payo at pagsasanay at umayuda sa mga halal na upisyal ng gubyerno sa pagharap sa insurhensya. Tinataya nito ang sitwasyon, nagdedebelop ng mga plano at kapabilidad para suportahan ang apektadong gubyerno at nagpapayo sa pagpupwesto at pagtatakda ng gawain ng dagdag na ipapakat na tauhan ng US.

**Civil-Military Assistance.** Ang Civil-Military Assistance ay pagdedeploy ng isang pangkat ng mga espesyalistang kikilos bilang Joint Inter-agency Task Force na direktang makikipagtrabaho sa mga ahensyang sibilyan at militar ng pinanghihimasukang gubyerno. Pwede silang magtanim ng mga myembro ng pangkat o maglagay ng detatsment sa mga susing pusisyon sa apektadong gubyerno para magbigay ng suporta, payo, tekni-

kal na ayuda, edukasyon at pagsasanay.

Gayunman, karaniwan ay hindi lumalahok ang mga myembro ng tim sa direktang pakikipaglaban sa "insurhensya." Ginagamit nito ang Civil-Military Assistance Program para magdebelop ng isang Internal Defense and Development Strategy sa pakikipagkonsultahan sa apektadong gubyerno at nagiging daluyan din ng ayuda mula sa internasyunal na komunidad. Hiwalay itong nag-oopereyt sa Country Team pero nakapailalim sa Chief of Mission (COM). Kung sa pagtaya ay lubhang mataas ang banta sa seguridad, pwede itong mag-opereyt sa ilalim ng isang awtoridad na militar. Ang kaibhan nito sa Foreign Internal Defense ay nananatili itong nasa ilalim ng pamumunong sibilyan at suportado lamang ng militar. Itinuturing ng US na di magastos at sustenable ang ganitong antas ng panghihimasok sa pangmatagalan. Gusto nitong panatilihing maliit lamang ang *civil-military assistance team* at sapat ang tagal bago ang pagrerelyebo sa deployment para mapataas ang epektibidad nito kung ihahambing sa gastos para rito.

Partikular sa Pilipinas, pwedeng tantyahin na ang antas ng panghihimasok ng US ay nasa ikatlong antas (Civil-Military Assistance). Batay ito sa mismong pahayag ng US sa kanilang misyon sa katimugang bahagi ng Pilipinas (Mindanao) sa ngalan ng pagsugpo diumano sa Abu Sayyaf at Jemaah Islamiyah at mga natukoy diumano nilang galamay doon ng al Qaeda. Gayundin, nakikita sa iba't ibang panig ng bansa ang diumano'y US Humanitarian Mission na ipinatutupad ng mga tropa ng US kasama ang AFP at sa di iilang kaso ay napatunayan ang tuwirang paglahok ng tropang US sa pakikipaglaban sa mga pwersang Abu Sayyaf, MILF at BHB.




**Foreign Internal Defense.** Ang Foreign Internal Defense ay nangangahulugan ng pagdedeploy ng mga tim ng militar na karaniwan ay galing sa US Special Operations Command para suportahan ang apektadong gubyerno. Ang kaibhan nito sa Civil-Military Assistance ay militar ang namumuno rito pero mayroon ding substansyal na tinatanggap na aktwal na pagkilos at suporta mula sa iba't ibang ahensya ng gubyernong US. Pwedeng mag-iba-iba ang saklaw, laki ng nakalaang badyet at antas ng tuwirang lantad na panghihimasok pero tiyak na mas mababa ang antas ng lantad na panghihimasok kung ihahambing sa Direct COIN Intervention.

**Direct COIN Intervention.** Ang Direct COIN Intervention ay tuwirang pagpapadala ng malaking bilang ng tropang US para magpatupad ng kampanyang militar sa kontra-insurhensya ng apektadong bansa. Depende sa layunin ng US, pwede itong maging unang opsyon o hakbang (tulad ng Iraq at Afghanistan) o patutunguhan kung di umubra ang mga naunang antas ng panghihimasok na tinalakay sa itaas.

## Tiyak na mabibigo ang US COIN strategy

TIYAK na mabibigo ang US COIN strategy sa pagsugpo sa lehitimo at makatarungang paglaban ng mamamayan sa paghahari ng imperyalismong US at mga kasabwat na lokal na mga naghaharing uri. Kung baga sa isang manlalangoy, lumulukso ito sa tubig ng panghihimasok na may mabigat na batong nakatali sa leeg.

Ang mabigat na batong ito ay ang mismong itinakda nitong layunin na sugpuin ang lehitimo at makatarungang paglaban ng mamamayan para panatilihin ang kanilang paghahari, pagsasamantala at pang-aapi. Walang maaasahang tunay na pagbabago sa kalagayang api at pinagsasamantalahan ang mamamayan, bagkus ay layon lamang na paikutin ang kanilang ulo sa pamamagitan ng mga pakanang pampakalma at pakitang-tao para lalo pang pigain at gawing busabos ang mamamayan at pahinain ang kanilang paglaban.



Hindi mapasusubalian ang napakalalim na krisis sa buong daigdig at sa Pilipinas. Habang tumitindi ang pagsasamantala at pang-aapi, tiyak na lalong lalakas din ang pag-aalsa at paglaban ng mamamayan. Gaano man katuso, gaano man kalaki ang ibuhos na rekurso at tauhan ng imperyalismo para gapiin ang kanyang mga kalaban, kung ang kaharap nito ay mamamayang determinadong lumaya at makamit ang tunay na demokrasya, ay wala itong hahantungan kundi ang basurahan ng kasaysayan.

kakaisang prente ng mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan, hatiin ang hanay ng mga kalaban, ihiwalay at labanan nang paisa-isa ang punong papet ng reaksyunaryong estado.

## Ang ating mga tungkulin

KAHIT tiyak na tiyak tayong mabibigo at magagapi ang US COIN *strategy*, hindi magiging madali ito. Kailangan ang di birong pagsisikap upang ilantad ang kontra-rebolusyonaryong pakana nito, labanan at biguin ito sa bawat bahagi at kabuuan, sa bawat hakbang at sa matagalan.

Upang mabisang mailantad, malabanan at mabigo ang US COIN *strategy*, mahigpit na tungkulin natin ang sumusunod:

1. Matalas na iguhit ang linya sa pagitan ng rebolusyon at repormismo. Mahigpit na hawakan, itaguyod at isabuhay sa bawat rebolusyonaryong gawain ang linyang anti-imperyalista, antipyudal at antipasista. Sa pamamagitan lamang ng paghawak sa tunggalian ng mga uri, sa mga tunay at saligang interes ng mamamayan laban sa kanyang mga kaaway sa uri mailalantad at mapapapurol ang repormismo at anumang pagpapanggap sa reporma.

2. Pahigpitin ang ugnayan sa masa sa pamamagitan ng puspusang pagsusulong ng mga saligang kilusang masa at mga pakikibakang masa. Sa gayon, maaabot natin ang milyun-milyong mamamayan, mailalapit sa landas ng armadong rebolusyon ang mga napupukaw sa paglaban at mapapatibay ang makatarungang batayan ng armadong paglaban.

3. Determinadong isulong ang digmang bayan sa mas mataas na antas. Kamtin ang mga rekisitos para makasulong sa largadong antas ng pakikidigmang gerilya at ilatag ang mga batayan sa pagsulong sa estratehikong pagkapatas.

4. Walang humpay na itaas ang antas ng kamulatang pampulitika ng mamamayan sa pamamagitan ng masinsin at malaganap na edukasyong pampulitika, gawaing proproganda at gawaing pangkultura.

5. Buuin ang malapad na nagkakaisang prente ng mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan, hatiin ang hanay ng mga kalaban, ihiwalay at labanan nang paisa-isa ang punong papet ng reaksyunaryong estado.

6. Pag-ibayuhin ang ngipin-sa-ngipin at masinsin at malaganap na gawaing propaganda upang wasakin ang lahat ng klase ng panlilinlang, ilantad ang mga pasistang krimen at ang kontra-rebolusyonaryong layunin ng US at lokal na papet nito at iba pang lokal na naghaharing uri.

7. Ilantad at labanan ang mga pakana ng imperyalismong US sa loob ng bansa, dalhin ang paglalantad at paglaban sa loob mismo ng US at sa internasyunal na komunidad.

Magbabalangkas ng partikular na plano ang mga namumunong organo at komite ng Partido sa antas pambansa at rehiyon upang ikumpas ang buong organisasyon ng Partido at rebolusyonaryong kilusan sa iba't ibang antas. AB

# Kasaysayan ng armadong panghihimasok ng US sa Pilipinas

Malawakan at matindi ang armadong panghihimasok ng US sa Pilipinas nang sakupin nito ang bansa noong 1899. Ibinuhos at tuwirang isinabak ang mga pwersang militar ng US sa mga operasyong kontragerilya laban sa mga rebolusyonaryong pwersang lumalaban sa dayuhang pananakop. Isa ito sa naging pinakamabangis sa kasaysayan ng mga gerang pananakop ng US.


Mahigit isang milyon ang nasawing mga Pilipino mula 1899 hanggang sa mga unang taon ng ika-20 siglo. Sinikap pahupain ang malawak at matinding galit ng mamamayan sa armadong panunupil sa pamamagitan ng kasunod nitong "pasipikasyon" at pagpapalaganap ng kulturang maka-US. Ang kumbinasyon ng mga pamatay at inasukalang bala ang bumuo ng unang programa ng US COIN sa Pilipinas.

Mula nang itatag ang neokolonyal na republika noong 1946, ang kontra-rebolusyonaryong gera ng US sa Pilipinas ay isinasagawa na sa pamamagitan ng papet na gubyerno. Mahigpit na nakikialam ang mga upisyal at tropa ng US sa kampanyang militar ng panunupil sa pamamagitan ng pagsasanay, pangangasiwa at pagpapayo sa mga upisyal ng AFP at pagdidisenyo, pagsubaybay at tuwirang pagdidirihe ng mga plano at kampanyang COIN.

Si Lt. Col. Edward Lansdale ang naging pangunahing tagapagpatupad ng kontragerilyang gera ng US sa Pilipinas gamit ang Joint US Military Assistance Group (JUSMAG) noong katapusan ng dekada 1940 hanggang sa malipat siya noong 1953 sa Vietnam. Si Lansdale, dating myembro ng OSS (ngayo'y Central Intelligence Agency), ay nagsilbing pinakamalapit na tagapayo ni Ramon Magsaysay na noo'y Defense Secretary ni Quirino bago siya pumalit bilang papet na pa-

ngulo. Ang operasyon laban sa HMB (Hukbong Mapagpalaya ng Bayan) na itinulak ni Lansdale sa lokal na papet na pwersa at binansagang "Black War" ay kinatampukan ng pagpatay sa mga pinagsususpetsahang gerilya at mga tagasuporta nila, at pagpapatupad ng pinakamalulupit na operasyong saywar laban sa masa.

Binuo, sinanay at ipinakat ni Lansdale at ng kanyang pangkat ng mga "ekspertong tagapayo" ang mga berdugong yunit-paramilitar tulad ng Nenita Unit (ang bantog-sa-kasamaang "Markang Bungo") ni Maj. Napoleon Valeriano, na nanalasa at nagmasaker sa mga pinaghihinalaang base ng HMB. Sinasabing ang mga ilog ay namula sa dugo ng mga biktima ng Markang Bungo. Tinulungan din ni Lansdale ang AFP na bumuo ng mga operasyong saywar, kabilang ang pagpapatupad ng palamuting mga "aksyong sibiko" at pakitang-taong proyektong pang-ekonomya tulad ng Economic Development Corps (EDCOR) upang akitin ang mga gerilya na sumuko.



Sa harap ng malupit na kontra-rebolusyonaryong digma noong dekada 1950, walang ginawa ang rebisyunistang pamunuan ng lumang partido kundi umatras at magtago, hanggang sa lubusang mahiwalay at malusaw ito. Kalaunan, nalusaw ang lumang hukbo o kaya'y nauwi sa pagiging "rebeldeng lagalag" ang mga natirang elemento nito.


Sumulong muli ang digmang bayan nang muling itatag ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa balangkas ng Marxismo-Leninismo-Maoismo at itayo nito ang Bagong Hukbong Bayan. Bigo ang imperyalismong US at ang papet na reaksyunaryong estado na gapiin ito sa kabila ng maraming bersyon ng mga kampanyang COIN na inilunsad nito: Oplan Katatagan ni Marcos, Oplan Mamamayan ni Cory Aquino, Oplan Lambat Bitag at Oplan Unlad-Bayan ni Ramos, Oplan Makabayan at Oplan Balangai ni Estrada at Oplan Bantay Laya ni Gloria Arroyo.

Sa proseso ng pagharap at pangingibabaw sa matitinding kahirapang dulot ng mga ito, humalaw ang rebolusyonaryong kilusan ng mayayamang aral, umiwas sa matitinding pinsala, nagdulot ng mabibigat na bigwas sa kaaway at determinadong nagpursigeng isulong ang digmang bayan. AB

---

# Ang US COIN at ang rehimeng US-Aquino

Umaasa ang imperyalismong US na sa pamamagitan ng bagong papet na gubyerno ni Benigno Aquino III ay maisusulong ang COIN nito sa Pilipinas, mapahuhupa ang galit ng mamamayan at magugupo ang kanilang pakikibaka para sa pambansang paglaya at mas maitataguyod ang interes nito sa pulitika, militar, ekonomya, diplomasya at iba pang larangan.



Mahigpit na tumatalima si Aquino sa US COIN. Sa talumpati niya sa Peace and Security Forum noong Abril 22, 2010, binalangkas niya ang kanyang patakaran sa pambansang seguridad na hinalaw sa US COIN Guide. Layunin niya umano na gawing kapani-paniwala ang pamahalaan, maghatid ng mga saligang serbisyo, paunlarin ang ekonomya at palakasin ang militar at mga pwersang panseguridad. Ito rin ang tinaguriang "apat na haligi" na ginagamit ng gubyernong Aquino na balangkas sa pagharap sa usapang pangkapayapaan.

Sinakyan ni Aquino ang malawak na pagnanais ng mamamayan para sa pagbabago. Ginamit niya ang islogang "walang mahirap kung walang korap." Ang pagpopostura niyang ito ay tumutugma sa iginigiit ng US COIN Guide na pampulitikang opensiba na may layuning ipaghele ang mamamayan sa huwad na mga pangako. Gayon na lamang ang pagpapahalaga rito ni Aquino sa pagbibigay niya ng napakalaking prayoridad sa pagbubuo ng pinalawak na Communications Group na binigyan ng responsibilidad na mag-isip ng mga gimik upang ilayo ang atensyon ng mamamayan sa mga saligang suliranin at ilarawan ang rehimen bilang "gubyerno ng pagbabago."

Walang bagong maihahatid ang rehimeng US-Aquino kundi mababaw at

mapagkunwaring pagpopostura para lamang pagtakpan ang bulok na malakolonyal at malapyudal na sistema. Kaluluklok pa lamang nito'y mabilis nang nagkagula-gulanit ang karatulang "gubyerno ng pagbabago." Umaalingasaw na ang sinisikap nitong itagong kabulukan, baho at kainutilan, at malinaw na nakikitang wala itong pinag-iba sa nagdaang mga papet na rehimen.

Ang pangunahing tinitiyak ng rehimeng US-Aquino ay ang pagpapatuloy ng paghahari, mga patakaran at programa ng imperyalismong US sa Pilipinas.

Pinag-iibayo ngayon ni Aquino ang mga patakaran ng neoliberalismo, denasyunalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon alinsunod sa programang *"private-public partnership"* at taliwas sa pangangailangan para sa pambansang industriyalisasyon, pag-unlad ng ekonomya at interes ng mamamayan.


Tumatanggi si Aquino na harapin ang usapin ng permanenteng presensyang militar ng US sa Pilipinas, lalupa't umaasa ito nang malaki sa tulong militar at pampinansya ng US. Sunud-sunod ang pagbisita ng matataas na upisyal sa seguridad ng US sa bansa para isaayos ang pagpapaigting ng panghihimasok-militar ng US. Kamakailan, lihim na nagpakat ng bagong karagdagang *special operations forces* (SOFs) ang US sa Pilipinas, kasabay ng 69 iba pang bansa, bilang pagtupad sa US COIN at National Security Strategy ng gubyernong US.

Kasabay ng pagpapangako ng higit pang ayudang militar sa Pilipinas, itinutulak din ng US ang pagbebenta sa Pilipinas ng mga *missile* at mga sasakyang pandigma mula sa US. Itinaas ng gubyernong US ang taunang ayudang pampinansya nito sa Philippine National Police (PNP) mula ₱400 milyon tungong ₱600 milyon. Ang pondong ito ay nagmumula sa US International Criminal Investigative Training Assistance Program (ICITAP). Itinutulak ng mga maka-Kanang institusyon (tulad ng Heritage Foundation) sa gubyernong US na patuloy na suportahan ang programang modernisasyon ng papet na hukbo, katugma ng balak ni Aquino sa ibayong pagpapalakas ng AFP.

Inaprubahan din ng US ang paglalaan ng $434 milyon mula sa Millennium Challenge Corporation (MCC). Kalakhan nito ay para pampondo sa proyektong Pantawid Pamilyang Pilipino Program (bilang lokal na bersyon ng itinutulak ngayon ng US na iskemang Conditional Cash Transfer), Kapit-Bisig Laban sa Kahirapan-Comprehensive and Integrated Delivery of Social Services (Kalahi-CIDSS), Self-Employment Assistance-Kaunlaran (SEA-K).

Sa harap ng puspusang pagsulong ng digmang bayan, mas kiling si Aquino na magkonsentra sa armadong kontra-rebolusyon upang supilin ang anti-imperyalista at demokratikong pakikibaka ng mamamayan. Habang nagsasasatsat ng "kapayapaan," halos dinoble ang badyet na laan sa pasistang militar. Wala siyang ipinakitang interes na tugunan ang matagal nang iginigiiit ng mamamayang katarungan para sa mga biktima ng paglapastangan ng mga armadong pwersa ng estado sa karapatang-tao. Hindi nabibigyan ng kagyat na kalutasan at hindi binibigyan ng seryosong pansin ang marami nang kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang na kaagad na nagsulputan pagkaluklok na pagkaluklok niya sa kapangyarihan.

Hindi iwinaksi ni Aquino ang OBL at sa halip ay idineklara ang pagpapatuloy nito hanggang Enero 2011 habang inihahanda ang bagong kampanyang COIN na sisimulan sa susunod na taon. Alinsunod sa mga nakasaad sa US COIN, higit umanong bibigyang-diin sa bagong kampanyang COIN ang Civilian-Military Operations at iba pang pagpapalamuti sa layuning makapang-akit sa mamamayan. Ang totoo, hindi maitatatwa ni Aquino na ang pangunahin at brutal na salalayan pa rin ng COIN ay ang lakas-militar at mga operasyong militar.



Ginawang kundisyon ni Aquino ang pagsang-ayon ng National Democratic Front of the Philippines sa kagyat na tigil-putukan bago pa man maibalik ang pormal na usapang pangkapayapaan—bagay na labag sa The Hague Joint Declaration of 1992 na nagtakda ng mga prinsipyo, balangkas, adyenda at daloy ng usapan. Ang usapang pangkapayapaan, para kay Aquino, (at ayon din sa sanggunian niyang US COIN Guide), ay hindi esensyal sa paglaban sa armadong rebolusyon at maaaring gamitin lamang bilang instrumento ng panlilinlang at palamuti sa pasistang armadong kontra-rebolusyon kaakibat ng mga gimik at pakitang-taong programa. Isinusulong nito ngayon ang pakanang "local peace talks" para palabasing may pagsisikap ang papet na rehimen na kamtin ang kapayapaan kahit katunaya'y sarili lamang naman ang kausap niya rito. AB

ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Espesyal na Isyu
Setyembre 20, 2010
www.philippinerevolution.net

### US Counter-Insurgency Guide 2009

# Gabay sa imperyalistang interbensyon at agresyon at kontra-rebolusyonaryong digma

**Komiteng Tagapagpaganap-Komite Sentral**
**Partido Komunista ng Pilipinas**

Ang US COIN Guide ay inilabas ng gubyernong US noong Enero 2009. Inilalahad nito ang umiiral na upisyal na doktrina ng imperyalismong US sa paglaban sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa mga bayang kolonyal at malakolonyal.

Produkto ito diumano ng paglalagom ng kanilang nakaraang 40 taong karanasan sa pagpapatupad ng "counter-insurgency" sa iba't ibang panig ng mundo at pinagtulung-tulungang buuin ng siyam na ahensya at/o upisina ng gubyernong US sa pangunguna ng Bureau of Political-Military Affairs, Department of State.


Ang mga ahensyang sangkot sa pagbubuo ng US COIN Guide 2009 ay kinabibilangan ng Department of State, Department of Defense, Department of Justice, Department of The Treasury, Department of Homeland Security, Department of Agriculture, Department of Transportation, Office of the Director of National Intelligence at US Agency for International Development.

Sa dokumento, nagsasalita ang gubyernong US bilang nagsosolong *superpower* at nagtalaga-sa-sarili na pulis ng buong daigdig. Tahasang inilalatag dito ang iba't ibang tipo at grado ng panghihimasok at interbensyon, may permiso man o wala ng target na 'tinutulungan' o kliyenteng gubyerno sa ngalan ng pagkontra sa "*insurgency*."

Sa pagtaya ng imperyalismong US, ang mga armadong rebolusyon ang malaki at lalo pang lumalaking banta sa pandaigdigang kapangyarihan ng US sa ika-21 siglo. Sa pagbulusok ng pandaigdigang sistemang kapitalista sa Mahabang Depresyon mula 2008, inaantabayanan ng US ang pagsambulat ng malawakang diskuntento ng mamamayan at mga armadong rebolusyon at pag-aalsa. Sa kagyat na hinaharap, ipinapalagay din ng mga tagaplano ng US na mas malayo ang posibilidad na masabak sila sa todong kumbensyunal na gera laban sa ibang gubyerno.

Ang Guide ay sumasaklaw sa lahat ng panig ng COIN at interbensyon ng mga ahensyang militar at di militar ng US bagamat ang partikular na binibigyang-diin nito ay ang mga sangkap na di militar at gawain ng mga ahensyang sibilyan. Nililinaw na ito ay kumplemento sa umiiral na mga manwal at gabay sa COIN ng militar ng US.

Bilang gabay sa dayuhang interbensyon, kapansin-pansin ang pag-iwas nitong makulayan ng jingoismo, arogansya at unilateralismo ng "global war on terror" ni Bush. Bilang gabay sa COIN, kapansin-pansin ang pag-iwas nito sa mga termino at presentasyon sa panahon ng gera ng US sa Vietnam. Layunin nitong bigyan ng bagong bihis ang imperyalistang interbensyon, at sa gayon, gawin iyong mas malawakan at mas episyente, aktibong magpakilos sa mga sibilyang



## Mga instruksyon sa paglilimbag

**1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.

**2.** Pag-*print* sa istensil:

a) Sa *print dialog*, i-*check* ang **Print as image**
b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
k) I-*click* ang **Properties**
d) I-*click* ang **Advanced**
e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
d) Ituloy ang pag-*print*

**3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type.* Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*